

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 3 Blg. 1

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Enero-Pebrero 2015

## Dalawang beses na paggatas sa isang araw, kita'y malaki, nagpapaangat pa ng produksiyon

Ni Ma. Cecila C. Irang

Malaki ang ganansiya sa *twice-a-day milking* o makalawang beses na paggatas sa kalabaw sa isang araw. Ito ang patotoo ni Melchor Correa, chairman ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) ng barangay Sibut, San Jose City.

“Tiyak ang dagdag-kita sa makalawang paggatas sa isang araw,” sabi ni Correa. “Bukod dito, tumataas pa ang produksiyon ng gatas ng aking kalabaw, napaiigsi ang *calving interval* at nakaiwas pa ito sa sakit na *liverfluke*,” dagdag niya.

Oktubre 2014 nang magsimula si Chairman Correa sa dalawang beses na paggatas sa kanyang mga kalabaw. Siya, sa kasalukuyan, ay may 25 inaalagaang kalabaw, walo rito ay buntis at anim naman ang kanyang ginagatasan.

Alas-singko palang ng umaga ay gumigising na si Correa upang gatasan ang kanyang mga alagang kalabaw. Sa hapon naman, alas-kuwatro, nagsisimula ang kanyang pangalawang paggatas sa mga ito.

Sa umaga ay nakakukuha siya ng 24-25 litro ng gatas sa kanyang anim

(Sundan sa p.2)



Si Melchor Correa ng San Jose City, Nueva Ecija, habang ginagatasan ang kanyang mga alagang kalabaw. Ayon sa kanya ay dalawang beses niya ito kung gatasan araw-araw.

## PCC nagpamahagi ng pantanim na *Super Napier* sa mga magsasaka-katiwala sa NIZ

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Upang maiwasan ang problema sa kakulangan sa pakain at mapanatili ang magandang kalusugan ng mga kalabaw, nagsimulang magpamahagi ang Philippine Carabao Center (PCC) ng *planting materials* ng damong *Super Napier* o *Pakchong 1* sa mga magsasaka-katiwala sa National Impact Zone (NIZ) noong Nobyembre.

Ang *Super Napier* o *Pakchong 1*, ayon sa mga eksperto, ay isang magandang uri ng damo na karaniwang ipinakakain sa kalabaw. Nakapagbibigay ito ng mga sustansiya gaya ng enerhiya, protina, bitamina at mineral. Sa katunayan, mas mataas ang *crude protein* nito kumpara sa ibang

mga uri ng *Napier*.

Pagkatanim, naghihintay lang ng 45-60 araw at maaari na itong anihin at ipakain sa mga alagang kalabaw.

Nakadepende naman ang pagbibigay ng PCC ng ganitong uri ng *planting materials* kung may nakahanda nang lupang pagtatamnan ang mga magsasaka-katiwala at ang dami ng ibibigay ay nakaayon sa luwang o laki ng lupang pagtatamnan.

“Sinumang interesadong magsasaka na magtanim ng *Super Napier* ay binibigyan ng binhi, basta rin lang may nakahanda na silang pagtatamnan at may *available* na *planting materials* na *Super Napier* ang PCC,” ani Mario Delizo, *field technician* ng PCC.

Ayon kay Delizo, upang makabahagi ng *planting materials* ay kinakailangang personal na makipag-ugnayan ang magsasaka-katiwala sa PCC habang ang hakbang naman na gagawin ng ahensiya ay puntahan ang lugar upang tiyakin kung may nakahanda na talagang lupang pagtatamnan.

Mula Nobyembre hanggang Enero ay may 40 magsasaka-katiwala na ang nabigyan ng *planting materials* ng *Super Napier*. Sila ay mula sa Guiset Organic Farmers Credit Cooperative, PAO Producers Cooperative, Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC), Pulong Buli Multi-

(Sundan sa p.3)

Sa loob...



DTI, muling nag-ayuda ng kagamitan para sa 2 dairy cooperatives sa NIZ

...p2



Mga paalala ukol sa kabag o bloat sa kalabaw

...p3





# DTI, muling nag-ayuda ng kagamitan para sa 2 dairy cooperatives sa NIZ

Ni Chrissalyn L. Marcelo



Ang mga miyembro ng Ayo Lomboy Multi-Purpose Cooperative na kasama sina (ika-walo hanggang ika-labing-isa mula sa kaliwa) Dr. Reynato Arimbuyutan, pangulo ng SMED council; Ms. Brigida T. Pili, provincial director ng DTI; Ludivico Guieb, chairman ng Ayo Lomboy cooperative; at Dr. Felomino V. Mamuad, deputy executive director ng PCC, sa isinagawang seremonya sa pagkakaloob ng DTI ng mga kagamitan sa paggagatas sa kanilang kooperatiba.

Muling nagbigay ng ayudang kagamitan ang Department of Trade and Industry (DTI) sa dalawang kooperatiba ng mga magsasakang-maggagatas na mula sa National Impact Zone (NIZ) nitong Pebrero 17.

Ang pinagkaloob na kagamitan ay kinabilangan ng dalawang portable milking machines na may sisidlan ng gatas o "buckets" at stainless milk cans na may kapasidad na 40 litrong gatas baw't isa, sa baw't isang kooperatiba.

Ang mga kagamitan ay mula sa proyektong Shared Service Facility (SSF) ng ahensiyang nabanggit. Naglalayon ang proyekto na ito na maitaas ang kalidad at produksiyon ng micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga makinarya at kagamitan na maaaring gamitin sa produksiyon ng iba't-ibang produkto.

"Dagdag na layunin ng proyekto

ang pagbibigay ng benepisy sa mga MSMEs na kabilang sa mga prayoridad na lupon o "cluster" na kasama sa "609" na pinakamahirap na munisipyo at lunsod ng bansa," sabi ni Ms. Brigida T. Pili, provincial director ng DTI sa N.E. sa ginanap na pasinaya.

Ang dalawang kooperatibang tumanggap ng kagamitan ay ang Pulong Buli Multi Purpose Cooperative (PBMPC) sa Sto. Domingo, Nueva Ecija at ang Ayo Lomboy Producers Cooperative (ALPC) sa Guimba Nueva Ecija.

Dumalo sa pasinaya ang mga kabalikat na organisasyon ng Nueva Ecija Small and Medium Enterprise Development Council (NESMED Council) na binubuo ng DTI, PCC, Philippine Chamber of Commerce and Industry - Nueva Ecija chapter, Local Government Units ng mga bayan ng Sto. Domingo at Guimba at iba pa.

Ang mga pinuno ng dalawang kooperatiba, na sina Primo Natividad ng PBMPC at Ludivico Guieb ng ALPC, ay lubos na nagpasalamat sa DTI sa mga natanggap na kagamitan.

Ipinangako ng dalawang pinuno na iingatan nilang mabuti ang mga kagamitan at gagamitin upang makamantan ang hangaring ninanasang matamo sa ilalim ng proyekto.

Sinabi naman ni Pili na ika-21 na ang mga nabanggit na mga kooperatiba sa nabigyan na nila ng kagamitan mula sa kanilang proyektong SSF. Idinagdag niya na may iba pa silang kooperatiba na nakalinyang mabigyan ng kagamitan sa susunod na mga buwan.

Ito, ayon kay Pili, ay isa sa mga paraan nila upang masuportahan na rin ang lumalagong industriya ng paggagatas sa Nueva Ecija.

## Dalawang beses...

(mula sa p.1)

na kalabaw habang 20-21 litro naman ang nakukuha niya sa hapon. Lima na lamang ang ginagatasan niya sa hapon dahil malapit nang mag-dry ang isa niyang kalabaw.

Dahilan sa dalawang beses nga ang kanyang paggagatas, dinagdagan niya ang pagpapakain ng feed concentrates sa mga ito upang mapanatili ang kanilang magandang pangangatawan at produksiyon ng gatas.

"Hindi naman magastos ang feed concentrates kasi dinagdagan ko lang ng 30% ang pakain sa kanila at alam ko naman na babalik din sa akin 'yong naging gastos ko sa kikitain ko sa gatas na mapagbibilhan," paliwanag ni Correa.

### Kapakinabangan

"Malaki nga ang pakinabang sa makalawang paggagatas sa isang araw. Ang napagbibilhan ko ng gatas sa hapon ay pangastos ko na sa mga kailangan ng kalabaw at pambayad sa mga tauhan ko. 'Yong napagbibilhan ko naman sa umaga ay pangastos naman ng aking pamilya,' ani Correa.

Ayon kay Correa, may mga kalabaw naman sila sa kooperatiba na nasubukan na ring mas marami ang ibinibigay na gatas sa hapon kaysa umaga.

"Noong di ko pa isinasagawa ang twice-a-day milking ay karaniwang 30 hanggang 38 litro lang ang nakukuha ko sa isang araw. Ngayon umaabot na sa 48 litro ang nakukuha ko," wika ni Correa.

Binibili ng kanilang kooperatiba sa halagang P50 kada litro ang kanyang aning gatas. Lumalabas na umaabot sa P2,400 ang napagbibilhan niya ng gatas sa isang araw.

Sinabi ni Correa na karamihan sa mga miyembro ng kanilang kooperatiba ay nagsasagawa na rin ng makalawang beses na paggagatas sa kani-kanilang kalabaw. Bunga nito, nakapagde-deliver na rin sila ng gatas sa ibang kliyente sa regular na schedule.

Ayon pa kay Chairman Correa, mula nang magsagawa siya ng twice-a-day milking ay mas maagang nabubuntis ang kanyang mga kalabaw. Base sa kanyang naging obserbasyon, naging posible ang maagang pagbubuntis ng mga kalabaw dahil hindi nila napababayaang pangangatawan at kalusugan ng mga ito.

Anyang, hindi siya pumapalya sa pagbibigay ng kaukulang pakain at vitamins sa mga alagang kalabaw kung kaya't ang obaryo nito ay hindi bumabagsak.

"Ang hamon ko nga sa iba, kung gusto nilang madagdagan ang kita nila, huwag nilang isipin na dagdag trabaho itong twice-a-day milking. Magiging dagdag na trabaho lang ito kung iisipin nila iyon nang hindi inaalagata ang kapakinabangang dulot nito," ani Correa.

(Sundan sa p.3)

## CAMPCL

(mula sa p.4)

de leche ang araw-araw na kinukuha ng natukoy na outlet. Ang benta namin baw't pakete ay Php70 at ang net income naman ay mahigit sa Php1,000.

"Sa iba naman naming produkto tulad ng pasteurized milk at pastillas de leche, nagproproseso lang kami ng mga ito kapag may order. Ang regular ay chocomilk na nakalagay sa 100ml na plastic na pakete na ibinebenta namin sa mga eskwelahan dito sa Muñoz sa halagang Php9 kasama na ang delivery fee," pahayag ni Callo.

Idinugtong niya na sa susunod na pasukan, aabot sa 500 pakete ng chocomilk, ang kanilang ipinoproceso at ipinagbibili mula sa regular nitong 150 pakete ngayon.



Ang processing plant ng CAMPCL sa Brgy. Catalanacan, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

### Plano ng CAMPCL

"Sa ngayon ang plano namin ay humanap pa ng mas malaking merkado o mamimili para sa aming mga produkto. Nais namin, kung maaari nga lang, baw't bayan sa Nueva Ecija hanggang sa Maynila ay makakuha kami ng distributor ng aming mga produkto. Pero sa ngayon, sapat na muna dito sa Nueva Ecija

maibenta ang aming mga produkto," sabi ni Callo.

Bilang pagwawakas, sinabi ni Callo: "Nais naming umunlad pang lalo itong bagong gawaing ito at nangangarap nga rin kaming maging 'Espasol de Leche Capital' itong Muñoz dahil sa aming produkto."





Sa panahon ngayon, uso ang sakit na kabag o bloat sa kalabaw. Ito ay isang uri ng kundisyong nararanasan ng alagang hayop kapag sumobra ang pagkain nito ng legumbre na tulad ng ipil-ipil at sitaw na karaniwan ay umaalsa sa tiyan ng alagang hayop matapos itong makain. Sa pagkakaroon ng kabag, ang kalabaw ay kalimitang nagkakaroon ng maraming hangin sa loob ng kanyang “rumen” kaya ito ay nahihirapang huminga at biglaan ding lumolobo ang palabusugan o hunger hallow. Ang rumen ay ang unang kompartimento sa tiyan ng kalabaw na pinaglalaman nito ng pagkain.

**Mga palatandaan o sintomas ng kabag:**

- (1) bahagyang paglawit ng dila

- (2) mabilis na paghinga
- (3) pamamaga ng kaliwang bahagi ng katawan sa pagitan ng hulihan ng tadyang at ng buto sa balakang (palabusugan)
- (4) palagiang pag-ihi at pagdumi ng kakaunti lamang; at
- (5) madalas na pagpadyak ng mga paa

**Mga dapat gawin kapag may kabag ang alagang kalabaw:**


- (1) maglagay ng karaniwang sabong panlaba sa bibig ng alagang hayop o 500 ml ng *mineral oil* (halimbawa: *peanut o linseed oil*), o kaya ay 100 ml ng *turpentine*, kapag may edad na ang hayop, bilang *drench* o pansupak
- (2) kapag hindi makalunok ang hayop, maaaring gumamit ng *plastic* na tubo o *stomach tube*, at
- (3) kung malala naman ang pagkakaroon ng kabag at delikado na ang lagay ng hayop, makabubuting butasin o pilasin na ang rumen ng kalabaw gamit ang *trocar* at *cannula* o matalas at matulis na kutsilyo upang maiwasan ang pagkamatay nito

**Kung sakaling malunasan na ang kabag ng alagang kalabaw, nararapat na isagawa ng mga**

**sumusunod:**

- (1) pagpapalakad sa hayop
- (2) pagpapanatili na mataas ang harapang bahagi ng hayop kaysa hulihang bahagi nito sa loob ng anim na oras o higit pa kung ang kalabaw ay may iniinda pang sakit, at
- (3) paglalagay ng patpat na pahalang sa bibig upang makalabas ang sobrang hangin.

**Dapat na tandaan:** Sa sandaling kakitaan ng mga palantandaan na mayroong kabag ang alagang kalabaw, mahalaga ang agarang pagkilos at pagbibigay ng agarang lunas upang maiwasan ito’y mamatay.



Ang itsura ng tiyan ng kalabaw na nagkaproblema ng kabag.

## PCC nagpamahagi...

(mula sa p.1)

Purpose Cooperative, San Vicente Dairy Producers Cooperative, Kapitbahayan Multi-Purpose Cooperative, Casile Dairy Producers Cooperative, Makabagong Kooperatiba ng Bantug Primary Multi-Purpose Cooperative, Lakas Magsasaka MPC, Nag-iisang Masikap MPC, Kabulihan Farmers Producers Cooperative, Brotherskeeper MPC, at Licaong Dairy Producers Cooperative.

“Kailangan nilang magtanim ng *Super Napier* para hindi nagkukulang sa pakain ‘yong mga alaga nilang kalabaw at maiwasang mangayayat ang mga ito at hindi bumaba ang kanilang produksiyon ng gatas,” paliwanag ni Delizo.

Ang nutrisyon, anya, ng hayop ang isa sa pinakamahalagang dapat tutukan ng mga magsasaka. Kapag maganda ang kalusugan ng hayop ay malaki ang pakinabang na maidudulot ng mga ito, dagdag niya.

**Iwas sa sakit**

Isa ring dahilan nang pagpapamahagi ng *planting materials* ng PCC, ayon kay Delizo, ay upang maiwasan ang pagtaas ng *mortality* sa *liverfluke* na pangungahing nagiging sakit ng mga kalabaw sa NIZ. Kung magtanim ang mga magsasaka ng sarili nilang pakain sa kanilang mga alaga ay hindi na nila ito isusuga kaya’t maiwasan na makakain ang mga ito ng damong may *liverfluke*.

“Mainam na mayroon silang sariling taniman para hindi na nila poproblemahin kung saan sila kukuha ng pakain sa kanilang mga alaga,” ani Delizo.

## Dalawang beses...

(mula sa p.2)

**Total confinement**

Ayon kay Correa, dahil sa dalawang beses na paggagatas, hindi na siya nagsusuga ng kanyang alagang hayop. Sa ganitong paraan ay naiwasan ang paglaganap ng sakit na *liverfluke* o pangunahing parasito ng kalabaw na nagdudulot ng sakit na *fasciolosis*. Ito ay mga bulate na sumisira sa atay ng hayop tulad ng kalabaw na kung saan ay madalas itong nakukuha sa mga matutubig na lugar na may suso o *snail*.

“Cut-and-carry na ang pagpapakain ko ng damo sa kanila,” ani Correa.

**Pagtatanim ng karagdagang pakain**

Para hindi bumagsak ang pangangatawan ng mga inaalagaang kalabaw at matugunan ang kinakailangang nutrisyon nito ay nagtanim si Correa ng pakaing damo.

Ang ilan ding miyembro ng kanilang kooperatiba ay nagtanim din ng pakaing damo bilang karagdagang pakain.

Noong Nobyembre, isa ang kanilang kooperatiba sa mga nabigyan ng *planting materials* na *Super Napier* o Pakchong 1 ng PCC na may daming kayang punan ang mahigit-kumulang 2,000 metro kwadradong taniman. Binigyang muli ng PCC ang EPMPC ng panibagong bigkis

ng *planting materials* noong Disyembre at Enero para sa pagpapalawak pa ng kanilang taniman.

“Tatlong barangay dito sa San Jose ang aming naging paminhian ng Super Napier, isa sa Sibut, San Agustin at Villa Marina, para masiguro namin na ‘yong mga miyembro ng *co-op* namin ay makakukuha ng binhi ng damo sa mas malapit na lugar sa kanila,” wika ni Correa.

Plano rin niya na palawakin pa ang kanyang taniman ng mga pakain sa kalabaw. Sa ngayon, habang naghihintay siya ng karagdagang binhi ng *Super Napier* na itatanim niya sa kanyang bukirin ay tatamnan muna niya ito ng mais bilang dagdag-pakain na rin sa kanyang mga alaga.

**Paghihikayat**

“Nakita nila ang pagdami ng gatas na dine-deliver ko sa *co-op*. Sa katunayan, ako ang naging *top milker* ng *co-op* noong 2014. Sinabi ko sa kanila na subukan nila at ginawa naman nila kaya hanggang ngayon ay hindi na nila tinigilan ang *twice-a-day milking* sa kanilang gatasang kalabaw,” pagmamalaki ni Correa.

Sa 49 na miyembro ng kooperatiba, napag-alaman na 10 na lang ang hindi pa nagsasagawa ng *twice-a-day milking*.

“Pero natitiyak ko, na hindi magtatagal ay lahat ng miyembro ng

aming kooperatiba ay magsasagawa ng *twice-a-day milking* dahil nga sa malaking kapakinabangan ng gawaing ito,” ani Correa.

“Ang *twice-a-day milking* ang sagot sa kakulangan sa gatas. Huwag natin itong tingnan bilang dagdag trabaho bagkus ay may dagdag kita ito at makabubuti pa sa mga alaga nating kalabaw,” pagtatapos ni Correa.



Si chairman Correa habang pinakakain ang kanyang mga alagang kalabaw. Ang sistema ng kanyang pag-aalaga ay “total confinement” na kung saan ang kanyang mga alaga ay hindi na niya isinusuga. Pinakakain na lang niya ng mga sariwang damo na kanyang kinukulekta (*cut-and-carry system*) mula sa taniman nito.



# CAMPCI nagproseso, nagbebenta na ng mga produkto mula sa gatas ng kalabaw

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Nagsimula nang magproseso at magbenta ng mga produkto mula sa gatas ng kalabaw ang kooperatiba ng mga magsasakang-maggagatas na kasapi ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative Inc. (CAMPCI) sa Brgy. Catalanacan ng Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Ilan sa sinimulan nilang iproseso at ibenta, mula nitong nakaraang Oktubre 28 ay *chocomilk*, *pasteurized milk*, *pastillas de leche* at *espasol de leche*.

Ibinebenta nila ang mga ito sa mga eskwelahan sa bayan ng Muñoz, sa Milka Krem *dairy outlet* ng Philippine Carabao Center (PCC) at sa iba pang *walk-in buyers* na nakaalam at nagugustuhan ang kanilang mga pinoprosesong produkto.

Ayon kay Leoncio Callo, *chairman* ng kooperatiba, bagama't

kasisimula pa lamang nila, malaki ang pag-asa nila na lalago ito dahil ramdam nila ang magandang kita sa mga ipinoprosesong produkto mula sa gatas ng kalabaw.

Aniya: "Nararamdaman namin ang magandang kita sa negosyong ito. Bagama't hindi pa namin nababawi ang puhunan namin sa pagsisimula nito ay inaasahan naming kikita kami ng malaki sa mga susunod na panahon at mababawi namin ang aming puhunan dito pagkaraan ng isang taon."

Idinagdag niyang hangad nila sa kooperatiba na maging tuluy-tuloy ang pag-unlad nila sa bagong gawain upang makatulong sa kapwa mga miyembro niya sa kanilang samahan.

## Pagsisimula sa negosyo

Ayon kay Callo, matagal-tagal rin bago nila naisakatuparan ang kanilang negosyo. Noong una, aniya, ay alanganin silang ituloy itong isagawa dahil natatakot

ang mga miyembro na baka walang mapagbentahan ng ipinoprosesong produkto.

Gayunpaman, hinikayat pa rin niya ang mga ito. Taglay ang lakas ng loob na bunga ng karanasan niya bilang tagahanap ng merkado para sa ipinoprosesong produkto ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) noong 2007 hanggang 2008, kinumbinsi niya ang mga kasamahan na ituloy ang plano. Hindi naman siya nabigo kaya inilunsad nila ang proyekto.

Sa pagkukumbinsi sa mga miyembro, ganito ang sinabi pa ni Callo sa kanyang mga kasamahan: "Kung sakaling itutuloy natin ang ating plano ay hindi tayo gaanong mamomroblema dahil may imprastruktura na tayo dito sa ating kooperatiba na maaari nating ipaayos at gawing planta."

Noon, ani Callo, tuluyan niyang

nahikayat ang mga kapwa miyembrong magsasaka.

## Pagsasaayos ng planta;

## Pagbili ng kasangkapan

Ayon kay Callo, umabot sa halagang Php520,000 ang nagastos nila sa pagsasaayos ng kanilang planta at sa pagbili ng kailanganing mga kasangkapan para sa pagproseso ng kanilang mga produkto bago sila magsimula sa negosyo.

"Umabot sa ganito kalaki ang naging gastos dahil pinalagyan namin ng *divider* na gawa sa konkreto ang planta, nilagyan ng salamin ang *divider*, nilagyan ng kisame, pinagawaan ng dalawang *comfort rooms* ang *imprastruktura*, *dressing room*, *stock room* at pinapinturahan namin ang buong planta magmula sa labas nito, sa loob at pati na rin sa bubong. Bumili rin kami ng mga gamit at kasangkapang tulad ng *freezer*, *sealer*, *chiller* at mga *kitchen utensils*. Naging dagdag ding gastos namin ang upa sa labor," paliwanag ni Callo.

Dagdag niya: "Ngayon nga, lubos na naming nagagamit ang plantang ito."

## Pagproseso ng produkto

Bago sumuong sa negosyo ang

CAMPCI, sinabi ni Callo na pinagsanay muna niya sa PCC at Central Luzon State University (PCC at CLSU) ang kanyang tatlong kasalukuyang *processors* at dalawang *on-call processors*.

Kalimitang 5:30 ng umaga kung tanggapin ng mga *processors* ang aning gatas mula sa mga miyembro ng kooperatiba.

"Alas sais y medya naman kung magproseso ang aming mga *processors*," ani Callo.

Kalimitan ay nasa 20-30 litro ng gatas araw-araw ang pinoproseso ng kanilang kooperatiba mula sa 170 litro ng gatas na dinadala ng mga miyembro. Ang gatas naman na hindi naproseso ay ibinebenta nila sa NEFEDCCO sa halagang Php52 kada litro at sa Central Dairy Processing Plant (CDPP) ng PCC sa halagang Php55 kada litro.

## Kita sa produkto

Regular ngayong dinadalhan ng kooperatiba ang Milka Krem ng PCC ng produkto nilang *espasol de leche*.

"Umaabot sa 50 pakete ng *espasol*

(Sundan sa p.2)



Si Leoncio Callo (nasa gitna), habang nagsusupervise sa kanyang mga tagaproseso ng produkto.

# NIZ Balitaan

Eric P. Palacpac

Patnugot/ Hepe, Knowledge Management Division

Ma. Cecilia C. Irang  
Tagapamahalang patnugot

Chrissalyn L. Marcelo  
Layout at Disenyo

Khrizie Evert M. Padre  
Katulong na patnugot

Ma. Cecilia C. Irang  
Marilou A. Vallarta  
Tagapamahala sa Sirkulasyon

Ma. Cecilia C. Irang  
Chrissalyn L. Marcelo  
Mga manunulat

Anselmo S. Roque  
Kasangguni

Arnel N. Del Barrio  
Pinunong Tagapagpaganap



Department of Agriculture  
**PHILIPPINE CARABAO CENTER**  
CERTIFIED ISO 9001:2015 ISO 14001:2015 ISO 45001:2018

## PARA SA KARAGDAGANG KATANUNGAN, MAKIPAG-UGNAYAN SA MGA SUMUSUNOD:

Pangalan	Katungkulan o Gawain	Cellphone Number
Dr. Peregrino G. Duran	Team leader, DHI-ED/NIZ (Breeding Management Concern)	0917-566-3278
Dr. Lester S. Verona	Veterinarian/Field Technician	0929-865-7893
Dr. Cyril P. Baltazar	(Animal Health/Breeding)	0917-517-3843
Mr. Genaro Candelaria	Livestock Specialist	0922-363-0943
Mr. Mario M. Delizo	Field Technician (Breeding/AI)	0932-868-3318
Ms. Wilma T. Del Rosario	Cooperative Management and Monitoring	0922-875-4250
Ms. Estella P. Valiente	Participatory Monitoring and Evaluation	0943-642-7573
Ms. Marilou A. Vallarta	Administrative Staff	0915-639-3785